ARALING PANLIPUNAN

Grade 8

Three-Term Budget Of Work (BOW)
for Learning Competencies

ARALING PANLIPUNAN
Grade 8

Three-Term Budget Of Work
For Learning Competencies

Unang Termino	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ang pag-unawa sa interaksiyon ng tao sa kaniyang kapaligiran na nagbigay-daan sa mga sinaunang kabihasnan at ang naging tugon sa panahon ng paggalugad at unang yugto ng kolonyalismo.
Pamantayan sa Pagganap	Nakagagawa ng presentasyon na nagpapatunay ng kahalagahan ng interaksiyon ng tao at kapaligiran mula sa mga sinaunang kabihasnan hanggang sa panahon ng paggalugad.

Linggo	Kasanayang Pampagkatuto
1	• Nailalarawan ang katangiang pisikal ng daigdig at implikasyon nito sa pamumuhay ng mga tao.
2	• Nasusuri ang kalagayang heograpikal ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya at iba pang bahagi ng daigdig.
3	• Napatutunayan ang kahalagahan ng pakikipag-ugnayan ng mga tao sa pag-unlad ng mga kabihasnan.
4	• Natataya ang epekto ng estrukturang panlipunan sa pag-unlad ng pamumuhay ng tao.
5	• Naipaliliwanag ang papel ng relihiyon at ibang paniniwala sa paghubog sa pagkakakilanlang kultural ng tao.
6	• Napahahalagahan ang interaksyon ng tao sa kaniyang kapaligiran.

7	• Natatalakay ang mahahalagang pangyayari noong ika-15 at ika-16 siglo bago ang panahon ng paggalugad ng mga lupain.
8 to 9	• Nasusuri ang mga pangyayari at kinahinatnan ng paggalugad at kolonyalismo ng mga Europeo sa mga bagong lupain sa America.
10	• Nasusuri ang mga naging unang tugon ng mga Asyano sa panahon ng paggalugad at kolonyalismo.

Ikalawang Termino	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ang pag-unawa sa hamon ng imperyalismo, mga rebolusyong nagpatatag ng nasyonalismo, at ang mga isyung pampolitika noong Unang at Ikalawang Digmaang Pandaigdig na humubog sa daigdig.
Pamantayan sa Pagganap	Nakabubuo ng mungkahing solusyon sa mga napapanahong isyung may kaugnayan sa nasyonalismo at pagkabansa, batay sa mga aral ng mga rebolusyon at digmaang pandaigdig.

Linggo	Kasanayang Pampagkatuto
1 to 2	• Nasusuri ang imperyalismong Europeo at Japan sa Asya at Africa.
3	• Naiuugnay ang Enlightenment at Rebolusyong Amerikano sa paglinang ng nasyonalismo at pagkabansa.
4	• Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa panahon ng Rebolusyong Pranses at pagtatag ng mga bansang estado.
5	• Nasusuri ang naging tugon ng ilang bansa sa Asya, Africa at Latin America sa imperyalismong Europeo.
6 to 7	• Natatalakay ang mga sanhi, pangyayari, at pagbabagong dulot ng Unang Digmaang Pandaigdig.
8	• Nabibigyang katuwiran ang naging tugon ng mga bansa sa pagharap sa iba't ibang suliranin pagkaraan ng digmaan.
9	• Nasusuri ang ideolohiyang totalitaryanismo bilang banta sa demokratikong pamamahala.
10	• Natataya ang mga sanhi, pangyayari, at pagbabagong dulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Ikatlong Termino	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ang pag-unawa sa mga adhikain ng mga kilusang demokratiko, epekto ng Cold War, at kontribusyon ng mga pandaigdigang samahan upang matugunan ang mga napapanahong isyu ng daigdig.
Pamantayan sa Pagganap	Nakagagawa ng pananaliksik na nakapagtataya sa mga napapanahong isyu sa komunidad na nagpapakita ng pagtugon bilang mapanagutang mamamayan ng bansa at daigdig.

Linggo	Kasanayang Pampagkatuto
1 to 2	• Naipaliliwanag ang mga pangyayaring nagbigay-daan sa Cold War at ang mga tunggaliang dulot nito.
3	• Nasusuri ang epekto ng Cold War sa Asya at Africa.
4	• Natataya ang kalagayan ng daigdig sa pagwawakas ng Cold War.
5	• Napahahalagahan ang bahaging ginampanan ng iba't ibang kilusan sa pagtaguyod ng demokratikong lipunan.
6	• Nailalarawan ang United Nations at ang Pilipinas bilang kasapi nito.
7	• Nasusuri ang mga isyung panlipunan na kinakaharap ng daigdig.
8 to 9	• Nasusuri ang mga isyung pampolitika, pangkabuhayan, at pangkalikasang kinakaharap ng daigdig
10	• Napahahalagahan ang pagiging mapanagutang mamamayan ng daigdig.